BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Magnomina ng isang outstanding na residente para sa 2021 Brampton Citizens Awards!

BRAMPTON, ON (Nobyembre 15, 2021) –Tumatanggap na ngayon ang Lungsod ng Brampton ng mga nominasyon para sa 2021 Brampton Citizens Awards. Iniimbitahan ang mga residente na mag-nomina ng mga outstanding na atleta, volunteer at lokal na mga bayani bago ang Enero 10, 2022.

Kinikilala ng Brampton Citizens Awards ang mga residente na nakagawa ng makahulugang kontribusyon o nagkaroon ng malaking tagumpay sa isa sa sumusunod na mga kategorya sa loob ng 2021 taon ng kalendaryo:

- Ang Sports Achievement Award ay kumikilala sa mga residente ng Brampton kanino ang mga tagumpay ay kinilala sa antas ng Lalawigan, Nasyonal o Internasyonal.
- Ang Ken Giles Amateur Athlete of the Year Award ay ipinipresenta sa isang outstanding na indibidwal na nakagawa ng mahalagang epekto at/o eksepsyonal na tagumpay sa antas na amateur sa kanilang kanya-kanyang isport.
- Ang Arts Acclaim Award ay kumikilala sa mga indibidwal kanino ang mga kontribusyon ay nagkaroon ng malaking epekto kaugnay ng pagkamit ng lokal, Panlalawigan, Nasyonal o Pandaigdigang karangalan.
- Ang Long Term Service Award ay kumikilala sa dedicated na mga volunteer kaninong mga pagsisikap ay nakagawa ng malaking epekto sa pag-unlad at pagsulong ng mga panlibangang isport, sining at mga serbisyong panlipunan ng komunidad.
- Ang Inspirational Award ay kumikilala sa mga residente ng Brampton na nagtataguyod at nagsasagawa ng makataong aksyon , o na nagkaroon ng pampasiglang impluwensiya sa iba.
- Ang Emergency Services Award of Valour ay kumikilala sa mga indibidwal na kusang na nagsapanganib ng kanilang sariling mga buhay habang ginagawa ang kanilang bayaning kilos para iligtas ang buhay ng iba.
- Ang Citizens of the Year Awards ay kumikilala sa mga volunteer ng Brampton sa lahat ng edad na nagpakita ng maalab, dedicated na pakikilahok ng komunidad sa 2021.

Ang isang Komite na Pipili ay binubuo ng mga miyembro ng komunidad na may kadalubhasaan sa paksa, kasama ang piniling mga opisyal, ang  Brampton Fire and Emergency Services, ang Brampton Sports Alliance, ang Brampton Seniors Council at ang Peel Regional Police, na itinalaga para rerepaso sa lahat ng nominasyon.

Mula 1974, nagiging proud ang Lungsod ng Brampton na mag-alok sa komunidad ng programa sa pagkilala sa komunidad na nagparangal sa higit sa 3,500 outstanding na mga residente sa mga bahagi ng isport, sining, at serbisyo sa komunidad. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Brampton Citizens Awards at upang mas malaman pa ang tungkol sa mga tumanggap ng 2019 at 2020 award, bisitahin ang www.brampton.ca.

**Mga Quote**

“Ang Brampton ay puno ng mga outstanding na residente, at ang Brampton Citizens Awards ay nagbibigay sa atin ng mahalagang pagkakataon na kilalanin ang kanilang mga kontribusyon bilang mga atleta, artist, volunteer at mga lokal na bayani. Ang mga award na ito ay nagtatanim ng dangal, humihikayat sa bawat isa na mag-ambag sa ating komunidad, at kilalanin ang ating mga mamamayan para sa kanilang makahulugang mga ambag. Magnomina ng residente ngayon!”

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Mula 1974, matagal nang tradisyon na kilalanin ang mga kontribusyon na iyon sa ating komunidad sa Brampton Citizens Awards. Inaasam namin ang malaman ang tungkol sa ating mga residente na nakagawa ng mahalagang epekto sa ating lungsod sa 2021, at nananabik na pararangalan sila sa susunod na taon.”

*- Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4; Chair, Citizens Awards Committee, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga Bramptonian ay nakakagawa ng kaibahan sa ating komunidad araw-araw, at bawat taon nakikita natin ang kamangha-manghang saklaw ng mga submisyon para sa Citizens Awards. Bukas na ngayon ang mga nominasyon at hindi na makapaghihintay ang komite na pipili na makita ang mga nominado at piliin ang mga benepisyaryo!”

*- Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay puno ng maalab at nakakapagpasiglang mga residente na nakakagawa ng tunay na kaibahan sa ating komunidad, at ang Brampton Citizens Awards ay nagbibigay ng pagkakataon para sa kanilang outstanding na mga kontribusyon. Magnomina ng isang taong hinahangaan mo na nakagawa ng malaking epekto sa 2021.”

*- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca